



Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
SANGAY NG MGA PAARALANG LUNSOD
Lunsod ng Angeles



Agosto 10, 2015

Memorandum Pansangay
Blg. 174 , s. 2015

TAGISAN NG TALINO SA WIKA AT PANITIKAN
(Bilang Pagdiriwang ng Buwan ng Wika)

Sa mga: Pinuno ng mga Paaralang Publiko sa Antas Elementarya at Sekundarya

1. Ang Sangay ng Lunsod ng Angeles ay magdaraos ng Pansangay na Tagisan ng Talino sa Wika at Panitikan sa Antas Elementarya at Sekundarya bilang pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa ika-28 ng Agosto , 2015 sa ganap na 7:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, sa Covered Court ng Angeles Elementary School, Pulungbulo, Angeles City.
2. **Layunin ng gawaing ito ang mga sumusunod :**
 - A. Masukat ang mga taglay na tanging kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng isang makabuluhang paligsahan sa mga larangan ng wika at panitikang Filipino, masining na pagkukuwento, pagbigkas ng tula at pagbabaybay.
 - B. Makalinang ng mga mag-aaral na nagtataglay ng malalim na pagtitiwala sa sarili hinggil sa kanilang angking kakayahan at kaalaman
 - C. Maipamalas ng mga guro ang kanilang angking galing sa masining na pagkukuwento
 - D. Pasiglahin ang sining ng pagkukuwento gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa isang paraang pupukaw sa interes o hilig ng mga mag-aaral sa pagbabasa lalo na ng mga aklat.
3. Ang mga lalahok ay mga mag-aaral at guro mula unang baitang hanggang ikasampung baitang

KATEGORYA	PIYESA	ANTAS	BILANG NG KALAHOK
Pagbigkas ng Tula	Alalahanin	Unang Baitang	4
Pagbigkas ng Tula	Ako ay May Tatlong Ina	Ikalawang Baitang	4
Pagbigkas ng Tula	Tahanang Daigdig	Ikatlong Baitang	4
Pagbabaybay	(Ibibigay sa araw ng patimpalak)	Ika-apat na Baitang	12
Masining na Pagkukuwento ng Mag-aaral	Ang Paglalakbay ni Butirik	Ikalimang Baitang	4
Masining na Pagkukuwento ng Mag-aaral	Awit ni Pulaw	Ika-anim na Baitang	4
Masining na Pagkukuwento ng Guro	(Ibibigay sa araw ng patimpalak)	Una hanggang ikasampung Baitang	11

4. Para sa mga alituntunin pakibasa ang inklosyur ng memorandum na ito.
5. Ang pagpapatala ay mula 7:30-8:00 ng umaga. Mangyari lamang na dumating sa oras.
6. Ang dagliang pagpapalaganap sa memorandum ay kinakailangan.


LEILANI S. CUNANAN , CESO VI
OIC-Schools Division Superintendent



Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD
Lungsod ng Angeles



**MGA TUNTUNIN AT PAMANTAYAN SA PATIMPALAK NA MASINING NA
PAGKUKUWENTO PARA SA MGA GURO**

- a. Bukas ang paligsahan sa mga guro sa elementarya at sekundarya sa Sangay ng mga Paaralang Lungsod, Lungsod ng Angeles .
- b. Ang mga kalahok ay ang mga nagwagi sa pampaaralang/ pandistritong patimpalak para sa elementarya at mula sa lahat ng paaralan sa sekundarya.
- c. Ang mga kalahok ay gagamit ng iisang aklat sa pagkukuwento na ibibigay sa araw at oras ng patimpalak. Bibigyan ng 15 minuto ang bawat kalahok para basahin ang kuwento bago iparinig ito sa mga hurado.
- d. Hindi pinahihintulutan ang paggamit ng props ,musika o anumang makadaragdag na elemento sa pagbasa o pagkukuwento ng bawat kalahok liban sa Big Book o aklat na gagamitin ..
- e. Ang kasuotang itinakda ay puting t-shirt at maong na pantalon.
- f. Ang pagkukuwento ay hindi hihigit sa 15 minuto.
- g. Ang hatol ng mga inampalan ay pangwakas at hindin na mababago.

KRAYTERYA:

1. Paraan ng Pagkukuwento – Interaktibong Pagkukuwento (casual, relaxed, conversational)	40%
2. Pagbigkas, damdamin, kumpas, at ekspresyon sa mukha	30%
3. Tinig at Kilos	20%
4. Hikayat sa Madla o Dating sa Tagapakinig	<u>10%</u>
	100%



Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD
Lungsod ng Angeles



**MGA TUNTUNIN AT PAMANTAYAN SA PATIMPALAK SA PAGBIGKAS NG TULA
PARA SA UNA HANGGANG IKATLONG BAITANG**

- Ang mga kalahok ay ang mga nagwagi sa pampaaralang/ pandistritong patimpalak. Isa mula sa unang baitang, isa sa ikalawang baitang at isa sa ikatlong baitang.
- Ang kalahok ay gagamit ng iisang piyesa o tula mula sa Tagamasid Pansangay sa Filipino. Iisang piyesa /tula para sa unang baitang, iisang piyesa/tula para sa ikalawang baitang at iisang piyesa/tula para sa ikatlong baitang.
- Hindi pinahihintulutan ang paggamit ng props o anumang makadaragdag na elemento sa pagbigkas ng tula ng bawat kalahok.
- Ang kasuotang itinakda ay puting t-shirt at maong na pantalon.
- Mahigpit na ipinagbabawal ang paglapit ng tagapagsanay habang isinasagawa ang patimpalak.
- Ang hatol ng mga inampalan ay pangwakas at hindi na mababago.

KRAYTERYA:

1. Paraan ng Pagbigkas ng tula (linaw ng boses at mga salita)	35%
2. Interpretasyon (pagbigkas ng may damdamin at ekspresyon ng mukha)	35%
3. Kaangkupan kilos o Galaw (kumpas ng kamay, paglakad o paggalaw sa entablado)	20%
4. Hikayat sa Madla o dating sa tagapakinig	<u>10%</u>
	100%



Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD
Lungsod ng Angeles



**MGA TUNTUNIN AT PAMANTAYAN SA PALIGSAHAN SA PAGBABAYBAY
PARA SA IKAAPAT NA BAITANG**

1. Ang mga kalahok ay ang tatlong nagwagi sa pandistritong patimpalak.
2. Mga batayan sa pagkamit ng puntos:
 - a. 10 babaybaying salita na nasa madaling antas na bibigyan ng 2 puntos sa bawat tamang sagot
 - b. 10 babaybaying salita na nasa katamtamang antas na bibigyan ng 3 puntos sa bawat tamang sagot
 - c. 5 babaybaying salita na nasa mahirap na antas na bibigyan ng 5 puntos sa bawat tamang sagot
 - d. Magkakaroon ng "clincher" sakaling magkakaroon ng pagkakapareho ng puntos.
3. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng papel at dito isusulat ang bilang ng kalahok at babaybaying salita.
4. Paraan ng pagbasa sa babaybaying salita:
 - a. Babasahin ang babaybaying salita nang isang beses.
 - b. Gagamitin ito sa pangungusap.
 - c. Babasahin ulit ang salita.
5. Bibigyan ng sampung segundo (10) ang bawat kalahok para maisulat ang salita
6. Kapag tumunog ang "buzzer" ibibigay ang papel sa nakatalagang guro. Ang pagkabigong Maisumite ang sagot o ang pagbabago ng sagot pagkatapos nang pagtunog ng "buzzer" ay hindi na tatanggapin.
7. Ang mga hurado ang magsasabi kung ang binaybay na salita ay tama o hindi.
8. Ang makakakuha ng pinaka mataas na puntos ang magtatamo ng unang gantimpala; ikalawang mataas na puntos ay ang magtatamo ng ikalawang gantimpala; ang ikatlong mataas na puntos ay ang magtatamo ng ikatlong gantimpala.
9. Ang hatol ng mga hurado ay hindi na mababago.



Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD
Lungsod ng Angeles



**MGA TUNTUNIN AT PAMANTAYAN SA PATIMPALAK NG MASINING NA
PAGKUKUWENTO
PARA SA IKALIMA AT IKA-ANIM NA BAITANG**

- Ang mga kalahok ay ang mga nagwagi sa pampaaralang/ pandistritong patimpalak. Isa mula sa ikalimang baitang at isa sa ika-anim na baitang.
- Ang kalahok ay gagamit ng iisang aklat sa pagkukuwento , Ang Paglalakbay ni Butirik para sa ikalimang baitang at Ang Awit ni Pulaw para sa ika-anim na baitang.
- Hindi pinahihintulutan ang paggamit ng props ,musika o anumang makadaragdag na elemento sa pagbasa o pagkukuwento ng bawat kalahok liban sa Big Book o aklat na gagamitin .
- Ang kasuotang itinakda ay puting t-shirt at maong na pantalon.
- Ang pagkukuwento ay hindi hihigit sa 20 minuto.
- May lugar na nakalaan para sa tagapagsanay.Mahigpit na ipinagbabawal ang paglapit ng tagapagsanay habang isinasagawa ang patimpalak.
- Ang hatol ng mga inampalan ay pangwakas at hindi na mababago.

KRAYTERYA:

1. Paraan ng Pagkukuwento – Interaktibong Pagkukuwento (casual, relaxed,conversational)	40%
2. Pagbigkas,damdamin,kumpas,at ekspresyon sa mukha	30%
3. Tinig at Kilos	20%
4. Hikayat sa Madla o dating sa tagapakinig	<u>10%</u>
	100%